

1 Ipagdiwang ang ika-50 na anibersaryo ng NDFP!

2 Pinoy scientists, advance local science and technology, serve the people and the revolution!

6 The guerilla is a scientist

Agham Bayan

AGHAM AT TEKNOLOHIYA PARA SA REBOLUSYON

May 2023

Published by the Liga ng Agham para sa Bayan

2023 Vol. 1 No. 1



Ipagdiwang ang ika-50 na anibersaryo ng NDFP!

Siyentista at inhinyero, mabangis na labanan ang rehimeng US-Marcos Jr at patuloy na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!

Ipinapaabot ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) ang rebolusyonaryong pagbati sa Pambansang Nagkakaisang Prente ng Pilipinas (NDFP) at ang lahat ng rebolusyonaryong organisasyon sa ilalim nito.

Sa nakalipas na limang dekada, pinagbuklod ng NDFP ang lahat ng mamamayang Pilipino na nagnanais ng tunay na pagbabago sa lipunan sa ilalim ng bandila ng pambansa-demokratikong rebolusyon para isulong ang digmang bayan. Sa pamamagitan ng 12-puntong programa, tinataguyod nito ang demokratikong interes ng sambayanan, na pangunahing nakabatay sa tunay na reporma sa lupa at pagpapaunlad ng agrikultura at sa pambansang industrialisasyon para sa soberyanyang pangekonomya.

Isa ang Liga ng Agham para sa Bayan sa mga alyadong organisasyon ng NDFP. Kasama rito ang mga organisasyon ng magsasaka, kababaihan, kabataan, manggagawa, iba pang rebolusyonaryong organisasyon sa iba't-ibang sektor ng lipunan, ang Partido Komunista ng Pilipinas, at ang Bagong Hukbong Bayan. Ang pagbuo ng LAB ay pagkilala ng mahalagang papel ng mga siyentista hindi lamang sa pagsusulong ng rebolusyon sa ngayon, pati na rin sa pagtayo ng industriya, paglago ng agrikultura, at pagunlad ng batayang serbisyo sa hinaharap.

Ginugunita natin ang ika-50 na taon ng NDFP sa gitna ng mas lumalalang krisis sa ekonomya at pulitika. Sa kabila ng rumaragasang pagtaas ng presyo ng mga batayang bilingin, hindi tumataas ang kinikita ng ordinaryong mamamayan, na nagreresulta sa lumalalang kahirapan, kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Sa halip na tugunan ang kongkretong panawagan ng mamamayan, pinili ng rehimeng US-Marcos na gastusin ang pera ng taumbayan sa magagara at magagastos na biyaha sa labas ng bansa upang linisin ang kanyang pangalan at sumipsip sa kanyang mga imperyalistang amo. Tumitinding pasismo ang sagot niya sa masang lumalaban. Winawaldas niya ang kaban ng bayan sa pagbili ng mga mamahaling kagamitan sa giyera mula sa mga imperyalistang bansa para sa terorismo ng estado. **cont to page 3**

CONTENTS

- 1 Ipagdiwang ang ika-50 na anibersaryo ng NDFP! Siyentista at inhinyero, mabangis na labanan ang rehimeng US-Marcos Jr at patuloy na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!
- 2 Pinoy scientists, advance local science and technology, serve the people and the revolution!
- 4 Liga ng Agham para sa Bayan, ginunita ang anibersaryo ng BHB at NDFP
- 5 Mindoro Oil Spill: Fast Facts
- 6 The guerilla is a scientist
A feature series
- 7 Liham sa Liga ng Agham para sa Bayan mula sa BHB Apolonio Mendoza
- 8 *Mga piling akda at likhang-sining*

Pinoy scientists, advance local science and technology, serve the people and the revolution!



Liga ng Agham para sa Bayan commends Pinoy Scientists for showcasing the diverse talents and intellectual capabilities of Filipino scientists. We welcome their commitment to putting the spotlight on Filipino scientists despite the systemic hurdles that continuously hinder the development of Philippine science and technology.


Created by data scientist Dr. Reina Reyes in 2012, Pinoy Scientists is a community of Filipino scientists who share a mutual love for science and want to show to the Philippines and the world that Filipino scientists exist. Using different social media platforms, the group features one Filipino scientist every week who each have their own interests and specializations. Common among many of these featured scientists are the shared struggles in trying to secure permanent positions, searching for adequate research funding, and ensuring that the knowledge they create directly benefit the people who need it the most.

For almost a decade, scientists from a wide range of fields such as biology, chemistry, engineering, physics, marine science, and social sciences

have been featured in Pinoy Scientists: proof that the Philippines has the human capacity for national industrialization and genuine development. As we celebrate the achievements of our fellow scientists, including those who chose to seek opportunities in foreign countries, we also lament the grave lack of the same kind of support here.

Science and technology in the Philippines remains backward and stunted, a consequence of the current neoliberal economic framework in the country that prioritizes catering to the needs of foreign countries instead of promoting the establishment of vital industries to foster economic self-reliance. In 2023, research and development stood at Php24.1 billion, a mere 0.46% of the total national budget, reflecting the scant importance given to science and technology research that will support genuine national industrialization.

The absence of industries forces us to become assembly sites of foreign-owned and created technologies, without proper technology transfer to ensure that our local science and technology benefits from the arrangement. **cont. to pg.4**



Agham Bayan

Agham Bayan is published by the Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) for the purpose of raising the political and social consciousness of Filipino scientists and technologists regarding the issues and problems affecting Philippine science and society. It is committed to the promotion and use of science in the service of the Filipino nation and people. It espouses the cause of national freedom and democracy

Ipagdiwang ang ika-50 na anibersaryo ng NDFP!

Editorial, continued from p.1

Isinabatas niya ang SIM Registration Law para ilegalisa ang paniniktik ng estado sa mamamayan, lalo na sa mga aktibista at mga kritiko ng rehimen. Kasama ng pulis at militar, ipinagpatuloy niya ang patakaran ng malubhang pangreredtag, pangharass, at pagpapatay ng mga organisador at lider ng iba't-ibang organisasyon upang takutin ang mamamayan.

Ramdam ito ng mga siyentista, inhinyero, at iba pang miyembro ng sektor ng agham at teknolohiya. Kulang na kulang ang natatamang suporta ng mga mananaliksik na nagtatrabaho sa iba't-ibang institusyon, at patuloy na hinaharap ang mababa at delayed na sahod, kawalan ng kasiguraduhan sa trabaho, at kawalan ng benepisyo. Napipilitan ang karamihan na maghanap ng trabaho sa ibang propesyon, o di kaya'y mangibang bansa na lang para ipatuloy ang kanilang pananaliksik. Dahil sa atrasadong industriya at kawalan ng trabaho, patuloy na nagkukulang ang bilang ng propesyunal sa Pilipinas, na umaambag sa mabansot at atrasadong estado ng agham at teknolohiya na humahadlang sa pagsulong ng ekonomya.

"Frustrated scientist" daw si Marcos, ngunit nilalantad niya ang kanyang sarili bilang ipokrito. Magkasalungat ang kanyang mababangong salita tungkol sa pagpapaunlad ng agham at pagsusulong ng hustisya sa klima sa kanyang mga mababahong aksyong kontra-mamamayan, kontra-agham, at kontra-kalikasan. Halimbawa, ipinasa niya ang Regional Comprehensive Economic Partnership o RCEP, na malayang magpapapasok ng mga murang import at magdudulot ng pagbagsak ng lokal na ekonomya. Ito rin ay magtutulak ng mas malalang liberalisasyon sa kalakalan at denasyunalisasyon ng ating industriya. Ito ay mas lalong magpapawala ng insentiba para paunlarin ang lokal na teknolohiya. Itinutulak niya ang iba't-ibang dambuhalang proyekto ng mga pribado at dayuhang korporasyon, tulad ng Kaliwa Dam, Bulacan Aerotropolis, at iba pang proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Winawasak niya ang kapaligiran, pinapalayas niya ang libo-

libong taong nagsisilbing tagapagtanggol ng kalikasan, at pinapalala niya ang mga epekto ng climate change.

Ang umiigting krisis sa loob ng mala-kolonyal at malapyudal na lipunan ang mas magtutulak sa mga siyentista ng bayan at iba pang mga makabayang Pilipino na pagtagumpayin ang demokratikong rebolusyong bayan, patungo sa lipunang sosyalista kung saan tunay na yayabong ang agham at teknolohiya. Sa ika-limampung anibersaryo ng NDFP, tinatawagan ng Liga ng Agham sa Bayan ang lahat ng mga miyembro nito na ubos-kayang isulong ang rebolusyon sa iba't-ibang paraan, suportahan ang pakikibaka ng mamamayan, at pagsilbihan ang siyensiya para sa rebolusyon.

Patuloy na magmulat, mag-organisa, at magmobilisa ng mga siyentista saan man sila nagtitipon, sa mga pamantasan, laboratoryo, at industriya. Isulong ang mga iba't-ibang kampanya para sa kanilang mga demokratikong karapatan sa edukasyon, trabaho, at kabuhayan. Dalhin sila sa mga komunidad ng batayang masa – mga magsasaka, mangingisda, manggagawa, at maralitang lungsod – upang sila'y matuto at mamulat sa mga problema at pakikibaka ng mamamayan. Kasama ng malawak na hanay na masa, tumindig para sa mas marangal na lipunan.

Patuloy na palawakin, paramihin, at palalimin ang mga selyula at balangay

ng LAB. Ilaan ang serbisyo at kaalaman na hinahatid ng agham at teknolohiya para sa ikauunlad ng sambayanan at ng rebolusyon. Malaki ang ambag ng mga intelektwal at siyentista sa paglulunsad ng rebolusyon, lalo na sa kanayunan. Makakatulong ang agham at teknolohiya sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo, sa pagpapataas ng literasiya, sa pagtatayo ng mga serbisyong panlipunan, at sa pagpapaunlad ng gawain ng demokratikong gobyernong bayan, ng mga lihim na organisasyong masa, at ng hukbong bayan. Malaki ang tulong ng agham at teknolohiya sa paglulunsad ng armadong pakikibaka, partikular sa gawaing militar at panseguridad. Ang pinakamataas na paraan ng pagtulong ng isang siyentista para sa rebolusyon ay ang pagtungo sa kanayunan at ang pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa susunod na mga taon, siguradong mas marami pang susulpot na siyentista, intelektwal, at propesyunal na eksperto sa kani-kanilang mga piniling larangan at masigabong mag-aambag para sa patuloy na pagsulong ng rebolusyon, tungo sa isang maliwanag na sosyalistang bukas. Ang mga kasapi ng LAB, armado ng diwang rebolusyonaryo, ay tumitindig kasama ng malawak na hanay ng masa sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan at pagkamit ng mas malalaking tagumpay para isulong ang matagalang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Mabuhay ang Pambansang Nagkakaisang Prente ng Pilipinas!

Mabuhay ang Liga ng Agham para sa Bayan!

Mabuhay ang sambayanang lumalaban!



ABOVE: Nakiisa ang LAB sa ginanap na iglap-protesta para sa ika-50 anibersaryo ng NDFP nitong nakaraang Abril 19. Litrato mula sa The Manila Collegian

Agham Bayan



TOP LEFT: Nagtipon-tipon ang mga miyembro ng Liga ng Agham para sa Bayan sa isang di-tukoy na lugar para gunitain ang ika-54 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan. Nagbigay ng pahayag ng pakikiisa ang mga selyula at balangay ng LAB. Nagtanghal din ang iilang grupo ng mga rebolusyonaryong kanta at tula. Ayon sa mga dumalo, nabigyan sila ng inspirasyon at rebolusyonaryong diwa upang ipagpatuloy ang rebolusyon patungo sa tagumpay at tumungo sa kanayunan upang tumulong sa paglunsad ng armadong pakikibaka.

Liga ng Agham para sa Bayan, ginunita ang anibersaryo ng BHB at NDFP

RIGHT: Nakiisa din ang ilang mga miyembro ng LAB sa pagdiwang ng anibersaryo ng BHB sa isang larangan sa Timog Katagalugan. Sa ilang araw nilang rebolusyonaryong exposure sa loob, nagbahagi ang isa't-isa ng kanilang mga karanasan sa pakikibaka. Nagkaroon din ng maikling talakayan tungkol sa climate change at epekto nito sa mga magsasaka. Bilang pakikiisa, nagbahagi ang mga kasapi ng LAB ng kanilang mga malilikhaing sulatin at drowing sa ginanap na simpleng pagdiwang ng anibersaryo. Bumalik ang mga kagawad na maraming bitbit na kwento sa kanilang maikling karanasan sa loob, at sila'y na-engayong bumalik sa mas matagal na panahon upang maglingkod sa malawak na masa sa kanayunan sa abot ng kanilang makakaya.



BOTTOM LEFT, BOTTOM: Ginunita din ng LAB ang ika-50 na anibersaryo ng NDFP. Naglunsad ng operasyong dikit (OD) ang mga kasapi, selyula, at balangay ng LAB sa iba't-ibang bahagi ng Kamaynilaan. Sumali din ang LAB sa naganap na iglap-protesta ng iba't-ibang organisasyon ng NDFP sa kanto ng EDSA at Aurora Boulevard sa Lungsod Quezon noong Miyerkules, Abril 19, 2023.



Mindoro Oil Spill

Fast Facts



Pinoy scientists, advance local science and technology, serve the people and the revolution!

continued from p.2

The actual processes involved in the creation of the product are hidden from local scientists, preventing them to continually innovate after the foreign capitalists leave our land. Scientists employed by government institutions on the other hand do not fare better. The lack of a conducive environment for research is reflected in their struggles regarding pay delays, contractual employment arrangements, the prevalence of red tape bureaucracy, and budget constraints for the actual research.

The massive brain drain we are experiencing is a consequence of all this, as Filipino scientists conclude the lack of opportunities in the country not only for economic advancement, but to fulfill the craving for the pursuit of knowledge, progress, and development. Despite this, there are

still those who heed the call to serve the people and apply their scientific education on issues that directly affect the marginalized.

Pinoy scientists, we challenge you to use your knowledge and intellect to the benefit of the Filipino people. We urge you to join the struggle for national industrialization and fight for genuine agrarian reform. Only through the combination of these two key ingredients can the Filipino economy develop, and science and technology in the Philippines flourish. Agrarian reform is necessary to ensure the creation of raw materials that will be used in production. We call for a national industrialization to emphasize that the main beneficiary of the gains will be the country and the Filipino people, not foreign entities and private corporations. The development of vital

industries will serve rural development and agricultural mechanization, creating a synergistic design that will make economic self-reliance possible.

Scientists will be instrumental in this entire process, and we urge Pinoy scientists to study and enrich the current program for economic development as outlined in the National Democratic Front of the Philippines' 12-Point Program and detailed in the Comprehensive Agreement for Socio-Economic Reforms. As our national industries develop, science will also advance in proportion to their needs. Under the framework of national industrialization, we can ensure that the knowledge, technology, and profit gained from industries will directly benefit the people.

Science will not prosper in the current semi-colonial and semi-feudal state of Philippine society. Pinoy scientists, heed the call for progress and development, join and advance the national democratic revolution with a socialist perspective. Serve the people, serve the revolution.



The Guerilla is a scientist

A feature series

This is the first of a series of articles that will feature different guerilla fighters who use science and engineering for the national democratic revolution. Message us if you have a suggestion for our next feature.

Do you remember when you first fell in love with science? The inexplicable excitement you felt the first time you donned your lab gown and conducted your first experiment? The anticipation as you waited to see if it was a success? The relief that came over you when the experiment proved your hypothesis correct?

Are you sometimes overcome by a sense of awe when you study superimposition and entanglement? Does the beauty of an equation, or of the cell, or of ecology, or of the human body, often bring tears to your eyes? Do you crave that sense of peace that comes over you when you get into the flow as you create code?

We get you. No matter what background you come from, all of us scientists are driven by a sharp curiosity, and a desire to understand the world around us and to find answers to intriguing questions.

We are passionate about discovery. For us, uncovering new information is exciting and rewarding. We may have

different interests and inclinations, but we are all united in that we have an analytical mindset. Our minds are deeply observant, we practice critical thinking, and our gold standard is that all conclusions should be based on evidence and data.

We are creative, too. Even when we abide by rigid rules and procedures in our pursuit of science, we also know when to employ creativity to make new discoveries and develop innovative solutions.

Most of all, we are persistent. Science often involves trial and error, and as scientists, we must be willing to persevere in the face of setbacks and failures.

Recca was a scientist, too.

After graduating valedictorian from elementary and silver medalist at the Manila Science High School, she pursued Industrial Engineering at the University of the Philippines Diliman. It was there where she joined a cultural group and became an activist, participating in actions, discussions, and campaigns on issues that range from student's rights to the broader fights of the marginalized.

On April 24, 2002, Recca's 21st birthday and Cordillera Day, she decided to go Kalinga to join the New People's Army. Deep in the hinterlands of Cordillera where government presence

TOP: Photo of Recca Monte and her son

was hardly felt, she used her knowledge to directly address the issues of the indigenous peoples and farmers living there. With the help of other volunteer engineers and experts, Recca and the people's army was able to provide electricity to over 80 homes with the installation of a mini-hydroelectric pump.

Recca's family always worried about her, especially her father Noel Monte Sr, a former member of the Philippine Navy, who knew how the state treats its enemies. But Recca always assuaged him, saying she felt fulfilled with what she was doing. "Do not worry. The masses love us very much. They need us here," she told her family whenever they had a chance to speak on the phone.

On September 4-5, 2014, Recca together with seven other guerilla fighters and two civilians were killed in a military operation in Lacub, Abra.

Though she died in the armed struggle, the NPA continues the political and economic work that Recca and other martyrs have begun. This work is aimed at establishing the foundations for a new Philippine society. It is in this aim that the guerrilla is, at core, a scientist.

There are many more scientists who chose the path of revolution. They are tireless in their efforts to challenge the status quo in search of a better way for society to prosper.

Liham sa Liga ng Agham para sa Bayan mula sa BHB - Apolonio Mendoza Command

Ka Trinidad Ramirez at mga kasama sa Liga ng Agham Para sa Bayan,

Ipinapaabot namin ang rebolusyonaryong pagbati sa inyong organisasyon!

Kumusta kayo mga kasama? Sana ay datnan kayo ng sulat na ito na nasa mabuting kalagayan. Kami ay nagpapatuloy at nagpupunyagi sa ating mga rebolusyonaryong gawain sa gitna ng pinabangis at pinaigting na kontra-rebolusyonaryong digma at krisis sa ilalim ng Rehimeng US-Marcos II.

Nais naming magpasalamat sa inyong pagdalo sa selebrasyon ng ika-limampu't apat na taong magiting at dakilang pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan. Nagpapasalamat din kami sa dala ninyong materyal at pinansyal na suporta. Taos puso ang pagtanggap at kagalakan ng mga kasama sa tulong na ito.

Sabi nga ng isang kasama, "parang Pasko na naman" noong makita ang pasalubong na dala.

Pero ang lalong hindi matatawarang ambag ay ang naging partisipasyon ng mga dumalo sa paghahanda at sa aktwal na pagdaraos ng programa ng anibersaryo ng pinakamamahal na NPA.

Maraming salamat sa pinadala mong mensahe ng pakikiisa. Binasa namin ito sa programa ng pagdiriwang.

Mahusay ang pagtatanghal ng awit at tula ng inyong mga delegado. Talagang nagpasigla sa panahong naririto sila!

Mahusay rin ang paraan ng pagtalakay ng mga kasama sa usapin ng climate change. Naipaliwanag nila ito ng simple at nauunawaan sa hanay ng mga mandirigmang magsasaka.

Pinangunahan din ng LAB ang paggawa ng mural na nakaayon sa pambansang commemorative logo.

Sayang nga lamang at hindi namin kayang akomodahin ang malaking bilang ng delegasyon. Hayaan ninyo at pagpupursigehan ng mga kasama ang lalo pang pagpapaunlad ng mga sonang gerilya upang maging handa sa pagdagsa ng mula sa hanay ninyo

at sa iba pa na sabik makadaupang-palad ang inyong tunay na Hukbo.


Pakikumusta sa mga kasamahan ninyong nakarating sa amin. Sana'y naging maganda ang kanilang karanasan kahit na sa unang beses na makapunta sa sonang gerilya ay malayong lakaran agad ang kanilang dinanas.

Babago pa lamang nakakabuwelo sa pagkakakilala at kuwentuhan ay paalis na rin ulit sila.

Nanghihinayang nga kami sa naputol na talakayan. Kahit sa maikling panayam pa lamang sa kanila, kitangkita ang potensyal ng mga miyembro ng LAB para sa pagpapaunlad ng ating itinatatayong gobyernong bayan at ng kanayunan.

Bagama't ganun, sana ay nakakuha sila ng mga kuwento, aral at inspirasyon para maibahagi sa kanilang mga kasamahan diyan.

Lagi nating maaalala ang napakaraming kuwento at karanasan ng naging ambag ng mga siyentista at mga makakalikasan sa buong takbo ng digmang bayan. Maalala natin ang mga kwento nina Ka Recca, isang inhinyerang pulang mandirigma na nagbigay daan na matamasa ng mga magsasaka ang libreng serbisyo ng enerhiya sa mga larangan sa Norte; si Ka Yago, mag-aaral ng veterinary medicine na libreng nanggamot at nagturo sa mga magsasaka sa pangangalaga at pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan sa mga larangan ng Laguna; si Ka Karen, mula sa aming larangan na isang Biologist, na inaral at pinayaman ang bawat buhay ng magsasakang kanyang nakilala; ang mga siyentistang nanguna sa pagpupundar ng pamamaraan, estratehiya at gamit militar para sa pakikidigma at paglaban, at marami pang ibang walang pag-iimbot na inialay



"Kaya hinihikayat at hinahamon namin ang mga siyentista ng bayan na iambag ang kanilang dunong at kakayahan sa krusyal na panahon na pagsusulong ng ating digmang bayan patungong mas mataas na yugto.

Walang ibang lugar para paunlarin ang mga ispesyalisasyon kundi rito sa kanayunan. Dito lamang tunay na magsisilbi ang siyensya para sa bayan. Dito ay matitiyak na ang kaunlaran ay para sa bayan.

Laging bukas, uhaw at naghihintay ang kanayunan para sa mga nagmula sa kalunsuran na nais makipag-integra at buong panahong kumilos bilang pulang mandirigma."

Ka Cleo del Mundo
Tagapagsalita,
Apolonio Mendoza Command

ang kanilang galing at husay para sa rebolusyon.

Kaya hinihikayat at hinahamon namin ang mga siyentista ng bayan na iambag ang kanilang dunong at kakayahan sa krusyal na panahon ng pagsulong ng ating digmang bayan patungong mas mataas na yugto.

Walang ibang lugar para paunlarin ang mga ispesyalisasyon kundi rito sa kanayunan. Dito lamang tunay na magsisilbi ang siyensya para sa bayan. Dito ay matitiyak na ang kaunlaran ay para sa bayan.

Laging bukas, uhaw at naghihintay ang kanayunan para sa mga nagmula sa kalunsuran na nais makipag-integra at buong panahong kumilos bilang pulang mandirigma.

Dito na muna mga kasama. Asahan namin ang inyong masikhay at walang kapagurang pagkilos para sa rebolusyon. Magkita-kita tayong muli sa susunod ninyong pagbalik.

The mountains echo

*This is no nature walk;
this is guerilla warfare.*

Still, having grown up in the city, I can't help but appreciate the chorus of insects, birds and frogs accompanied by the rustling of leaves and gushing of the stream, even as I'm supposed to be listening for the unusual---a cacophony of footsteps, an off-key whistle, or something of that sort, I imagine. Observing our surroundings is a day-to-day responsibility for everyone.

On most days, we carry on with the daily tasks such as cooking, gathering firewood and foraging for food, fetching water. We have meetings, discussions and activities about politics, ideology and organizing. This is the norm for some guerilla units.

But it is never normal for too long, because the enemy must earn a living. If they don't find us and shoot at us, they won't get paid. If they don't steal the chickens and the crops of the poor farmers, they won't have anything to eat. If they don't threaten the locals or force them to surrender as members of the New People's Army despite being unaffiliated, they won't be able to pocket the people's money. Any suspected nearby movement of the enemy interrupts our normal conduct.

On those not-normal days, security is tightened. Sometimes, we focus on keeping guard; other times, we walk to our next campsite. If we aren't careful and forethoughtful, we could end up in a firefight---and we did.

On the eve of my first firefight, our commander woke us up and told us to get ready to walk. The enemy was reportedly on the move.



It's not unusual for conditions to change in an instant. There is volatility in the nature of guerilla warfare. That night, perhaps it was the timing of a series of personal ups and downs the previous weeks, I felt upset about the situation. While we were waiting for the next command, I looked up at the cloudless night sky and asked myself, "Is this the life I want to live?"

(I had already decided weeks earlier that the next chapter of my life in the movement would be here inside the guerilla zone, but I had yet to explicitly declare my intention to join the NPA.)

The answer came quickly, as bright as the full moon and the myriad stars: No. This is not the life I want to live. The life I want to live is not rife with hardships. The life I want to live does not carry the burden of waging a revolution. But the life I want to live---a simple life where there is fairness, true democracy and true justice, where the conditions for oppression and exploitation no longer prosper---is only possible upon the fruition of the revolution.

Almost immediately was the realization that the more

important question is: Is this still the life I choose to live?

The comrades decided to spend the night in our current camp. The next day, I woke up to the reality of war. Literally. I found myself flat on the ground thinking, "This is it. This is real," through the arrhythmic gunshots.

There are contradictions in everything at all times. Even though I had already decided to directly take part in armed struggle, I would doubt myself now and then. My non-declaration of my decision nurtured my hesitations. Whenever I'd feel the slightest inconvenience about guerilla life, I would bargain with myself to choose a life of convenience so easily within my reach---a life that is easy, is passive, is selfish, is individualistic, is liberal.

As we retreated, still within earshot of the beatless enemy fire, the question rang once more,

*"Is this still the life I
will choose to live?"*

The entire course of withdrawing had distracted and exhausted me from answering the question.

The next days were painted by conversations, assessments and criticisms about the encounter, until the bigger picture was completed. They say the correctness of a theory is proven through practice, and that we learn best from practice. Despite being heavily disadvantaged our unit sustained no injuries. On the other hand, a handful of reactionary troops were wounded in the exchange of fire, as reported to us by the masses. And the masses whom we love so dearly had been trying to contact us as soon as they got news of the encounter to make sure we were okay.

A comrade emphasized that it was not luck that we managed to retreat uninjured and outmaneuver the enemy.

Guerilla warfare is science, and the NPA is superior in its theory and practice.

We have the support and love of the masses because we follow the correct line, and truly serve and protect the interests of the masses.

The armed struggle which had simply been a collage of anecdotes and videos, and theory has now become a more concrete picture.

As I listened to my comrades share their thoughts, birds singing among the rustling leaves, a dog barking in the distance, a power saw buzzing from a nearby mountain, I finally had a sober

and resolute answer to the question left hanging:

“Yes, this is the life I choose.”

If I wish to live the life I dream of, I must actively participate in the revolution. We know the theory and the science that the only way to eradicate the root causes of oppression and exploitation, and achieve true democracy and true justice is through revolution---and in the case of the semi-colonial, semi-feudal Philippines: armed revolution. The hardships of the struggle are nothing compared to the violence of the oppressive and exploitative ruling classes. As long as the economic, social and political conditions that preserve their dominion persist, there will always be people who will choose the revolutionary life.



Call for Submissions

*Inaanyayahan namin ang mga syentista na mag-ambag ng kanilang mga sulatin, artikulo, tula, dibuho sa Agham Bayan. Maaari ninyong ipadala sa editorial board sa email na **aghambayan@protonmail.com***

Agham Bayan

Kulang ang isang araw

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw na kasama kang lumusong sa walang
katapusang ilog,
O umakyat sa walang sing tarik na bundok,
O pumasok sa walang labasang masukal na gubat.*

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw na pagod at hirap,
Na sa isang iglap,
Ay pinawi ng iyong matamis na ngiti at mainit na yakap.*

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw para kilalanin ka,
Malaman ang iyong mga dahilan, mga takot at pangamba,
At mga kontradiksyong patuloy na binabaka.*

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw na masubaybayan ang kwento
Ng iyong pag-ibig at pakikibaka, pagkanta at ligaya,
Lalo na ang dalisay mong pagmamahal sa masa.*

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw, ngunit sobra na ito para ipakita sa
akin na umiigting ang rebolusyon,
Na kailanma'y hindi ito magagapi,
At patuloy lang hahakbang pasulong patungong tagumpay.*

*Kulang ang isang araw, kasama.
Kulang ang isang araw, pero, hayaan mo
Hayaan mo, kasama, mas tatagalan ko pa,
Hayaan mo, kasama, ako'y mananatili na.*